

## **Karapatan sa Duungan ng mga Repyugi** ***Gabay upang malaman ng mga hindi mamamayan ng*** ***Estados Unidos ang kanilang mga karapatan na gumawa ng*** ***Repyugi Kleym sa Canada.***

Kayo ay may karapatang humiling ng kaligtasan para sa inyo at inyong pamilya. Ang Gabay na ito ay magbibigay ng impormasyon na susuporta ng inyong mga desisyon. Ito ay pangkalahatang impormasyon lamang at hindi mga payong legal. Maraming espesipikong detalye na kailangang isa-alangalang na karagdagan sa mga impormasyon na ibinigay dito, kaya kung maaari, kumonsulta ng isang abogado.

Ang Gabay na ito ay inilikha ng *No One is Illegal* at ng *Immigration Legal Committee* at suportado ng *African-Canadian Legal Clinic*.

### **Pagdating sa pamamagitan ng isang Duungan**

Ang *duungan* ay lugar kung saan kayo maaaring pumasok sa Canada ng legal. Sa **duungang-lupa** may mga taong naglalakad, nakasakay sa bisikleta, bus, tren o mga iba pang sasakyan na pumapasok sa Canada galing sa Estados Unidos. Ang ibang mga duungan ay ang mga paliparan at mga duungang-dagat.

Ang Canada at ang Estados Unidos ay pumirma ng isang kasunduan na tinawag na ***Safe Third Country Agreement (STCA)***. **Pinagbabawal nito ang maraming tao na angkinin ang Repyugi Istatus sa Canada kung sila ay dumating sa saan mang duungang-lupa na legal.**

**May tatlong pangunahing eksepsyon sa pagbabawal na ito.** Kung kayo ay dumating sa pamamagitan ng duungang-lupa, may pagkakataon kayong gumawa ng Repyudiyi Kleym.

1) Kayo ay maaaring humiling ng Repyudiyi Kleym kung kayo ay dumating sa duungang-lupa at kayo ay may **pamilya sa Canada** gaya ng mag-asawang mag-kaibang kasarian o mag-asawang mag-katulad na kasarian, mag-asawang komon, legal na protektor (kung ang humuhiling ay batang wala pa sa 18 ang gulang), anak, magulang, kapatid, lolo o lola, apo, tiyo o tiya, o pamangkin. Hindi lahat ng mga miyembro ng pamilya ay kwalipikado.

Pagdating ninyo, kailangang patunayan sa Opisyal ng Imigrasyon na ang miyembro ng pamilya ninyo ay nasa Canada at sila ay may Imigreysyon Istatus dito. Ang Imigreysyon Istatus sa Canada ay nangangahulugan na sila ay may Repyugi Kleym o may Katayuan ng Pagtatasa bago Paalisin sa Canada, ay Permanenteng Residente o Mamamayan ng Canada, ay taong tinanggalan na ng Utos na Pinapaalis sa Bansa, ay taong may balidong pahintulot na mag-aral o

21/5000

pahintulot na mag-trabaho, o taong humiling ng Repyugi Kleym na kasalukuyang pino-proseso. Dapat nasa inyo ang numero ng telepono, adres, at emayl ng myembro ng inyong pamilya (maaring tawagan sila ng Opiser upang tanungin). Maaaring kailangan nila ng mga dokumentong nag-papatunay ng inyong relasyon sa kanila at ng estado nila sa Canada.

2) Maaari din na kayo ay kwalipikadong gumawa ng Repyugi Kleym pagdating ninyo sa duungang-lupa kung kayo ay menor de edad na walang kasama. Ang ibig sabihin nito ay kayo ay bata pa sa 18 anyos na walang asawa at hindi papuntang Canada na may kasamang mga magulang, at walang mga magulang o legal na protektor sa Canada o sa Estados Unidos.

3) Maaari ding kayo ay kwalipikadong gumawa ng Repyugi Kleym pagdating ninyo sa duungang-lupa kung kayo ay may **balidong bisa o trabel dokyument** upang kayo ay maka-pasok sa Canada, o may balidong pahintulot na maghanap-buhay o balidong pahintulot na mag-aral, o kayo ay galing sa isang bansa na hindi nangnagangailangan ng bisa upang pumasok sa Canada.

Kung dumating kayo sa pamamagitan ng eroplano o bangka, kayo ay hindi ibinukod sa ilalim ng STCA at maaari ninyong simulan ang aplikasyon ng Repyugi Kleym sa duungan *maliban* lamang kung kayo ay hindi nabigyan ng Repyugi Istatus sa Estados Unidos at dumadaan sa Canada pagkatapos na kayo ay idineporta ng Estados Unidos.

### **Ang pagsasagawa ng Repyugi Kleym sa Duungan**

Kung kayo ay pinayagang pumasok sa Canada dahil sa mga eksepsyon ng STCA o dahil kayo ay dumating sa pamamagitan ng Paliparan or Duungang-dagat, kayo ay **kakausapin ng Opiser** sa duungan at siya ay ang mag-dedesisyon kung maaari na ninyong umpisahan ang inyong aplikasyon ng Repyugi Istatus (kwalipikado nang mag-aplay ng **Repyugi Kleym**).

Kayo ay maaaring payagan ng Opiser na mag-aplay ng Repyugi Kleym kaagad, o payagang pumasok sa Canada at bumalik sa ibang araw upang kapayanamin. Maaari ding kayo ay ilagay ng Opiser sa detensyon o bilangguan upang siya ay makakuha ng karagdagang impormasyon.

Ang ibang mga dahilan kung bakit maaring hindi kayo payagan mag-aplay ng Repyugi Kleym ay (1) kung kayo ay may Repyugi Istatus sa ibang bansa na mababalikan ninyo, (2) may Repyugi Kleym na kayo sa Canada at ito ay itinanggi, binawi, inabandona, o hindi pinahintulutang ipag-patuloy, o (3) ikaw ay itinuring na hindi “matatanggap” at ikaw ay natagpuang banta sa seguridad at may nagawang mga seryosong krimen.

Kung kayo ay payagan ng Opiser na mag-aplay ng Repyugi Kleym, kayo ay

bibigyan ng **Dokumentong Nag-protektang Repyugi Kleymant** na inyong magagamit upang makakuha ng Pangangalaga sa Kalusugan at/o Welpeyr at kayo ay maaaring humiling ng balidong pahintulot na maghanapbuhay.

Kayo ay bibigyan din ng importanteng dokumentong na tinatawag na **Batayan ng Paghahabol**. Maging handa. Kailangan ninyong kumpletuhin ang dokumentong ito at tiyakin na ito ay matanggap ng Lupon ng Imigrasyon at Repyugi **sa loob ng 15 araw**. Humingi ng tulong kung maaari upang ito ay makumpleto at tiyaking isama ang lahat ng impormasyon tungkol sa inyong kahilingan.

### **Pagpasok sa Canada sa lugar na bukod sa karaniwang Duungan**

Maraming tao ang dumadating sa Canada sa pamamagitan ng Duungang-lupa o opisyal na tawiran ng border. **Ito ay hindi bawal, pero maaaring kayo ay pigilan**. Kung kayo ay pigilan o hulihin ng pulis o ng *Canadian Immigration Enforcement*, sabihin kaagad na ang buhay ninyo ay nasa panganib sa inyong bansang pinagmulan.

Kapag kayo ay nasa Canada na, kayo ay makakagawa ng legal na Repyugi Kleym sa *Canada Border Services Agency* o saan mang opisina ng *Immigration, Refugees, and Citizenship Canada* (cic.gc.ca). Kayo ay bibigyan ng mga dokumento sa opisina ng ito. Hindi kayo magkakaroon ng Pangangalaga sa Kalusugan, Serbisyong Panglipunan, o makaka-apply ng Balidong Pahintulot na Maghanapbuhay hanggang makabalik kayo sa opisina ng ito na daladala ang ikinumpletong mga dokumento, **Ito ay tinatawag na in-land claim**. Maingat na paghandaan ito dahil ito ay ang batayan ng inyong hinihiling at ipapadala ito sa taong mag-huhusga ng inyong Repyugi Kleym.

### **Protektahan ang sarili**

Anuman ang sabihin ninyo sa mga Opisyal ng *Immigration Enforcement (Canada Border Services Agency)*, at posibleng sa mga pulis, ay magiging bahagi ng inyong Repyugi Kleym at maaaring kayo ay tanungin sa inyong Repyugi Hiring sa darating na mga araw. Sikapin na isama ang maraming detalye kung bakit kayo natatakot bumalik sa inyong bansang pinagmulan. Ang pagbibigay ng impormasyon na matatagpuang hindi totoo o ang kaligtaan ang impormasyon na mahalaga, ay maaaring makaapekto kung paniniwalaan o hindi ang inyong kwento sa ibang pagkakataon.

Dapat kayong humingi ng payo (sa abogado o sa mga lisensyadong Imigreysyon Konsultant) upang matulungan kayong makumpleto ang inyong mga dokumento at ang inyong Repyugi Aplikeysyon. May mga abogado at mga Imigreysyon Konsultant na masama ang mga ugali kaya sikapin na humingi ng Listahan ng

mga Abogado o mga Imigreasyon Konsultant sa pinagkakatiwalaan na pinagkukunan o sa ahensyang pang-komunidad. Makipag-usap sa isang abogado kayo bumyahe. Kapag kayo ay nasa Canada na, maaaring kayo ay may kwalipikasyong mabigyan ng libreng legal na tulong na tinatawag na *Legal Aid*.

Kung ang taong tumutulong sa inyong pagtawid ay binabayaran ninyo, maaaring sila ay ihabla ng Kriminal o ng Krimen na may kinalaman sa imigrasyon. Kailangang tiyakin ng mga tumutulong sa mga taong tumatawid na ginagawa nila ito dahil sila ay makatao lamang at “walang benepisyong material para sa kanila”. Kung tinutulungan ninyo ang mga Repyuging makapasok sa Canada, kumuha ng payong legal

Maaaring kayo ay iwan sa pook ng Canada na malayong malayo na walang mga mapa, matitirahan, o suporta. Sa taglamig (Oktubre hanggang Abril sa ilang mga dako ng Canada) maaaring dumanas ng malubhang problema sa kalusugan kung kayo ay nasa labas ng sandali man o ng matagal. Magdala ng maraming kasuutan para sa taglamig, tubig, pagkain, at makakapal na medyas at gwantes. Dalhin ang inyong mga *cell phone* at tiyakin na kayo ay makakatawag sa mga lugar na may Roming. Kapag may emerdyensi, madalas na kayo ay makakatawag sa 911 sa loob ng Canada gayun man, maaaring dumating din ang mga pulis.

Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Prosesong Repyugi sa: <http://refugee.cleo.on.ca/en/refugee-claim-flowchart>

I-download at i-repost nang malawakan. May mga tanong ba kayo? Mangyaring magpadala ng email sa [nooneisillegal@riseup.net](mailto:nooneisillegal@riseup.net)

Ang legal na Gabay na ito ay limitado sa Batas ng Repyugi sa Canada. Ito ang nangingibabaw na sistemang legal na ginagamit ng mga Repyugi Kleymants. Hinihimok namin na unawain ng mga bagong-dating na ang lahat ng lupain ng Canada ay lupain ng mga Katutubong Tao.

---

**\*Kahulugan sa Inggles at Tagalog ng ilang mga Terminolohiya o mga Ahensya nna ginamit sa Gabay na ito:**

NOII (No One is Illegal)- Walang Sinumang Pinagbabawal  
Immigration Legal Committee- Komiteng Legal ng Imigrasyon  
African-Canadian Legal Clinic- Klinaka na Ligal ng Aprikano- Kaneydyan  
Border Rights for Refugees-Karapatan sa Duungan ng mga Repyugi ( Manlilikas)  
Sea Port or Water Port-Duungang-dagat  
Land Port of Entry- Duungang-lupa  
Refugee Claim- Kahilingang Manlilikas, Repyugi Kleym  
Legal Guardian- Legal na Tagpangalaga o Legal na Protektor  
Study Permit- Balidong Pahintulot na Mag-aral  
Work Permit-Balidong Pahintulot na Maghanap-buhay  
Assessment- Pagtatasa  
Legal Aid- Tulong na Legal

Removal Order- Utos na Pinapaalis sa Bansa  
Canadian Refugee Law- Batas ng Repyugi sa Canada  
Refugee Protection Claimant Document- Dokumentong Nag-protektta ng Repyugi Kleymant  
Healthcare or Welfare- Pangangalaga sa Kalusugan o Welpeyr  
Basis of Claim- Batayan ng Paghahabol  
Immigration and Refugee Board-Lupon ng Imigrasyon at Repyugi  
Social Services- Mga Serbisyong Panlipunan  
Pre-Removal Risk Assessment- Katayuan ng Pagtatasa Bago Paalisin sa Canada  
Indigenous Lands- Lupain ng mga Katutubong Tao sa Canada  
Canadian Citizen- Mamamayan ng Canada  
Permanent Resident- Permanenteng Residente